

PROLOGUE

Walang patid ang pagta-tap ni Nazaron sa steering wheel ng kanyang kotse gamit ang kanyang mga daliri. Napabuga siya ng hangin at ibinaba ang suot na silver aviator sunglasses. He pressed a button to lower the power window. Bahagya niyang isinungaw ang ulo sa labas ng bintana. Marahan siyang napamura nang makitang hindi umuusad ang trapiko sa kahabaan ng *San Joaquin Highway* o *SJ Highway*.

Mag-iisang oras na siyang naiipit sa traffic na iyon. Nagkaroon ng banggaan. Isang oil tank truck ang sumalpok sa itim na pick-up. Bumalandra ang mga iyon sa gitna ng highway, kaya hindi makadaan ang mga sasakyan. Hayun tuloy, usad-pagong sila.

“Shit!” Ipinukpok niya ang nakakuyom na kamao sa manibela at muling isinara ang side window. Oo nga at air-conditioned ang kotse niya, subalit nanunuot pa rin ang init sa loob niyon dala ng napakainit na panahon. Umabot hanggang 36.4 degrees Celsius ang temperatura sa siyudad ng San Joaquin. Namumula na ang maputi at makinis niyang kutis.

Lalo tuloy siyang nainis sa dalawang ungas na driver. Ang narinig niyang usap-usapan ng mga taong nagsipagbabaan na sa mga pampasaherong jeepney ay lasing daw di-umano ang driver ng pick-up. Ang driver naman ng oil tank truck ay tila kasali sa

isang karera sa bilis ng pagpapatakbo nito. Animo lumilipad daw ito sa daan.

Biglang tumunog ang cellphone niya. Hinugot niya iyon mula sa balsa ng kanyang pantalon. It was his father calling—General Nomberto Ruiz. He was an only child. Bunga siya ng pagmamahalan ng isang magiting na heneral at isang butihing guro. Nagkakilala at bumuo ng pamilya ang kanyang mga magulang sa siyudad ng San Joaquin. Doon na rin siya ipinanganak at nagkaisip.

Nahiwalay lang siya sa kanyang mga magulang nang mag-aral siya sa Maynila. He took up B.S. Management at *Ateneo de Manila University*. Pagkatapos ng ilang taong pagsusunog ng kilay ay heto siya at pauwi na sa lugar na kinalakhan niya para i-celebrate ang pagtatapos niya sa kolehiyo.

“Where are you exactly right now, Nazon? Nabalitaan kong may aksidenteng naganap sa *SJ Highway*. Are you all right?” tanong sa kanya ng ama.

He groaned inwardly. “I wish I’m okay, Dad, but I’m not. Unfortunately, nandito ako ngayon sa *SJ Highway*. Mag-iisang oras na akong naiipit sa traffic na ’to. Kanina pa dapat ako nariyan,” reklamo niya habang pinagmamasdan ang kabilang bahagi ng kalsada. Maayos ang takbo ng mga sasakyan doon.

“Wag kang mag-alala, Hijo. May mga tao nang na-dispatch rian upang asikasuhin ang daloy ng trapiko,” imporma nito.

Nakahinga siya nang maluwa sa narinig. “Boy, am I glad to hear that. I was really looking forward to spending the night here,” may bahid ng sarkasmo niyang sabi.

“By the way, mag-ingat ka sa mga taong kakatok sa kotse mo o susubok na kunin ang atensyon mo. Bagong *modus operandi* ngayon ng mga kawatan ang ililihis ang pansin ng driver ng kotse, malalaman mo na lang ninakawan ka na pala.”

“Yeah,” simple niyang tugon dahil ayaw na niyang palawigin pa ang usapan. Ang totoo niyan, hindi siya naniniwalang uubra ang mga *modus operandi* na iyon kung walang taong may magpapauto. Tanga lang ang nabibiktima ng mga manloloko.

Tinapos na ng binata ang tawag at muling isinuksok ang cellphone sa bulsa. Gusto na talaga niyang mapikon, subalit wala rin namang mabuting idudulot kung hahaluan pa niya ng init ng ulo ang kasumpa-sumpang sitwasyon niyang iyon, kaya imbis na mamroblema ay isinalaksak na lang niya ang earphones sa tainga at nagpipindot sa kanyang *iPad*. Nang makapili siya ng isang relaxing music ay ipinikit na niya ang mga mata at isinandal ang ulo sa headrest ng car seat. He would grab a good five-minute catnap.

Wala pang sampung segundo niyang naipipikit ang mga mata ay binulabog na siya ng sunud-sunod na katok sa kanyang side window. Tumambad sa kanyang paningin ang isang patpating bata na nakasuot ng lumang sombrero at butas-butas na t-shirt. Bahagya itong nakayuko kaya hindi niya mabistahang maigi

ang hitsura nito. Ang tanging nakikita niya lang ay ang manipis nitong mga labi.

Sinenyasan niya itong umalis. Sa pamamagitan ng kanyang mga kamay ay ipinaliwanag pa niya ritong wala siyang barya. Totoo naman iyon, nakalimutan niyang mag-withdraw kaya wala siya ni cinco sentimo. Credit card lang ang mayroon siya sa mga sandaling iyon.

Muli niyang ipinikit ang mga mata, subalit muli itong kumatok sa bintana ng kotse. Medyo umalsa na ang inis sa dibdib niya. Bad trip na nga ang traffic, kinukulit pa siya ng batang hindi marunong umintindi na wala nga itong malilimos na pera mula sa kanya.

“Totoy, wala akong barya,” bungad niya pagkababang-pagkababa ng sasakyan.

Nakaramdam siya ng awa para sa kaharap. Nakakahabag ito sa sobrang kapayatan. Pinag-iisipan na niyang dalhin ito sa bahay nila upang makakain naman nang may sumulpot na lalaking mukhang laging nang-iinis ang pagmumukha sa bandang likuran ng kanyang kotse. Napamulagat siya nang makitang may hawak itong bato at ikiniskis iyon sa rear panel ng kanyang sasakyan.

“Hoy! Itigil mo ’yan!” asik niya rito. Umusok kaagad ang bumbunan niya. Sinubukan niyang hulihin ang lalaki, ngunit mabilis itong tumalilis palayo. Napamura siya nang makita ang malaking gasgas na nilikha nito.

“What the f*ck!” Lalo siyang napamura dahil natanawan niyang tangay-tangay na ng mga ito ang *iPod* niya. Habang abala siya sa kiskis boy ay tinatrabaho na pala ng mga kasamahan nito ang pagnanakaw sa mga gamit niya. Kasabwat pa ng mga ito ang batang muntik na niyang dalhin sa pamamahay nila.

Kusang gumalaw ang mga paa niya at natagpuan na lamang niya ang sariling hinahabol ang mga ito. Tumawid ang mga mandurugas sa kabilang bahagi ng kalsada kung saan humahagibis ang mga sasakyan.

“Good-for-nothing thieves! Bumalik kayo rito, hoy!” hiyaw niya habang patuloy sa pagbuntot sa grupo ng mga magnanakaw. Lumingon ang patpating bata na nasa hulihan ng mga kasama. Bukod sa ito ang pinakabata ay ito rin ang pinakamabagal, kaya malamang kaysa hindi ay mahuhuli niya ito.

“Pag nahuli ko kayo, sisiguruhin kong mabubulok kayo sa...” Naudlot ang litanya niya sapagkat napansin niya ang isang bus na humahagibis ang takbo. Masasagasaan nito ang bata! Nagtilian na ang mga tao sa paligid. Hindi na siya nagdalawang-isip, itinodo niya ang takbo at kinabig sa baywang ang natulalang paslit, sabay iwas sa bus. Maging siya ay kinilabutan. Kung nahuli lang siya ng isang segundo ay tiyak na durog ito.

Binuhat niya ang bata, ramdam niya ang panginginig ng katawan nito. Maingat niya itong pinaupo sa backseat ng kanyang kotse. Dadalhin niya ang niligtas sa ospital para matiyak na maayos ang lagay nito. Wala itong imik at parang wala rin sa

sarili. Tagusan ang tingin nito sa car floor mat. Marahil ay dala iyon ng matinding trauma.

“You need water? Anything? Just tell me.”

Hindi ito sumagot. Nababahala na siya para rito. Alam niyang miyembro ito ng mga magnanakaw, subalit wala siyang makapang galit para rito. May palagay nga siyang biktima rin ang bata.

Kinuha niya ang bottled water na nakapatong sa dashboard. Hindi na iyon malamig pero mainam nang makainom ito ng tubig. Iniabot niya iyon dito pero nagulat siya sa naging reaksyon nito. Napaurong ito at napasiksik sa sulok. Sunud-sunod ang ginawa nitong marahas na pag-iling.

“Wala ho akong kasalanan, Sir! Pinilit lang po ako ng tatay ko. Maawa po kayo sa akin. Huwag po ninyo akong ikulong.” Tuluyan na itong napahagulgol.

Walang maapuhap na sabihin si Nazaron. Hindi niya alam kung ano ba dapat ang maging reaksyon niya. He couldn't utter anything—and he meant anything. Natagpuan na lamang niya ang sariling tinatabihan ito sa backseat. Marahan niya itong hinawakan sa magkabilang balikat at kinabig palapit sa katawan niya. He gave the child a comforting hug. That was the only thing he knew he could do at that point.

“Loosen up, kiddo. Hindi kita sasaktan. ‘Wag kang matakot sa akin. As a matter of fact, I’m here to protect you.” *Protect?*

Where the hell did that come from? Protektahan saan at laban kanino? Ano itong drama niya? Knight in shining armor?

“W-wag po ninyo akong ibibigay sa tatay at kuya ko. B-bubugbugin po nila ako. P-parang-awa na po ninyo,” tangis nito.

Naramdaman niyang humigpit ang kapit nito sa tela ng damit niya. Bahagya niyang inilayo ang katawan upang mapagmasdan ang anyo ng bata. Nakayuko ito kaya marahan niyang hinawakan ang baba nito upang iangat ang mukha. Sinalubong siya ng isang pares ng hugis almendras na mga mata. Napapalibutan iyon ng malalantik na pilik. Sadya iyong bumagay sa katamtamang tangos nitong ilong at makipot na mga labi.

“B-babae ka?” hindi niya makapaniwalang usal.

“Opo,” kimi nitong sagot.

He clenched his jaw. Nakaramdam siya ng matinding galit para sa pamilya nito at awa naman para sa kaharap. Bigla niyang nasabi sa sarili na tutulongan niya ang batang ito. Sisiguruhin niyang magkakaroon ito ng magandang kinabukasan.

He smiled warmly, hinawakan niya ang kamay nito at marahang pinisil iyon. “Ilang taon ka na?”

“Sampung taong gulang po.”

Bahagya siyang nagulat. Pinagmasdan niya itong maigi. Sampung taong gulang na pala ito. Akala niya ay naglalaro lang sa siete hanggang ocho ang edad nito. She was way too thin and

too small for a normal ten-year-old kid.

“Wag kang mag-alala, mula ngayon ay ako na ang bahala sa 'yo. By the way, Nazaron Ruiz ang pangalan ko. Call me 'Kuya Zen', okay?” aniya, may ngiti sa labi.

Nakapako lang sa mukha niya ang mga mata ng kausap. Hinayaan niyang titigan siya nito.

“Puwede ko bang malaman kung ano ang pangalan ng bago kong kaibigan?” His tone was so friendly.

“R-Riva...” kimi nitong tugon.

Muli ay napangiti siya. “Dadalhin kita sa isang lugar kung saan maaalagaan ka nang mabuti, Riva. Mag-aaral ka at magiging isang propesyonal pagdating ng panahon. Magpakabait ka r'on, ha? Babalikan kita sa ikadalawampu mong kaarawan, pangako iyan.”